
Primer No. 1
2021

Masaganang ANI
Mataas na KITA
RICE COMPETITIVENESS
RCEF
ENHANCEMENT FUND
MECHANIZATION PROGRAM

# MGA TANONG AT SAGOT



## MECHANIZATION PROGRAM






Department of Agriculture
**Phillipine Center for Postharvest Development and Mechanization (PHilMech)**
CLSU Compound, Science City of Munoz,
Nueva Ecija

## ANO ANG RCEF-MECHANIZATION COMPONENT?

Ang Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) ay may mechanization component na naglalayong tulungan ang mga magsasakang Pilipino para makipag sabayan sa mga karatig-bansa pagdating sa larangan ng pagsasaka. Sa pamamagitan ng mga makinaryang ipamamahagi ng programa, inaasahang mapahuhusay ang sistema ng pagsasaka at ang kalidad ng serbiosyo ng mga magsasaka.









## ANU-ANO ANG LAYUNIN NG PROGRAMA?

Nilalayon nitong pataasin ang ani, kita at kakayahan ng mga magsasaka na makipagsabayan sa karatig-bansa sa pamamagitan ng angkop na makinaryang magagamit mula produksyon ng palay hanggang makatapos-ani.

## Mga Layunin:

1. Isulong at ipakilala sa mga magsasakang Pilipino ang paggamit ng mabisa at tipid na makinaryang pansaka

2. Bigyan ng pagkakataon ang lahat ng magsasaka na makagamit ng angkop na makinarya sa produksyon ng palay hanggang sa makatapos-ani sa pamamagitan ng samahan at kooperatiba at asosasyon ng mga magsasaka

3. Palakasin ang lokal na mga tagagawa ng mga makinaryang pambukid sa pamamagitan ng agresibong pagpapaunlad ng teknolohiya, paglinang at paggawa


## ANU-ANO ANG MGA BENEPISYO NG PROGRAMA?

Ang inaasahang benepisyo sa paggamit ng makinaryang pansaka partikular samga benepisyaryo at gagamit ng makinarya ay ang mga sumusunod:

- ☑ Mababawasan ng dalawa hanggang tatlong piso kada kilo ang gastusin sa produksyon ng palay sa pamamagitan ng tiyak, mabisa at kumpletong hanay ng makinaryang gamit sa produksyon ng palay


- ☑ Mababawasan ng dalawa hanggang tatlong piso kada kilo ang gastusin sa produksyon ng palay sa pamamagitan ng tiyak, mabisa at kumpletong hanay ng makinaryang gamit sa produksyon ng palay

## PAANO ANG BALANGKAS NG PROGRAMA?




*Konseptwal na balangkas ng RCEF-Mechanization Component*

## ANU-ANO ANG MGA TEKNOLOHIYANG IPAMAMAHAGI NG PROGRAMA?



## SINU-SINO ANG MGA BENEPISYARYO NG PROGRAMA?

Ang mga lehitimo at rehistradong kooperatiba at asosasyon ng mga magsasaka ng palay na may mga kasalukuyang aktibong miyembro.

Ang kooperatiba at asosasyon ng magsasaka ay dapat samahang akreditado ng Kagawaran ng Pagsasaka.

## ANU-ANO ANG MGA HAHANAPIN SA MGA KOOPERATIBA O ASOSASYON UPANG MAGING BENEPISYARYO NG PROGRAMA?

- Dapat sila ay may lupaing sakop na hindi bababa sa 50 ektarya ng palayan. Ito ay kinakailangang pag-aari ng mga regular na miyembro.
- Ang lokasyon ng makinarya at pasilidad na matatanggap ay dapat napaliligiran ng mga barangay na may 100 ektaryang palayan o higit pa .
- Sila ay may kakayahang mamahala, gumamit at mag mentina ng mga makinaraya at laging handang magsanay.
- Handang maglaan ng machinery shed o garahe bilang kaukulang bahagi nila sa proyekto.
- Handang Pamahalaan ang proyekto batay sa panukalang alituntunin nito.
- Handang sumunod sa itinakdang layunin at tungkulin ng proyekto

## ANU-ANONG MGA PAPELES ANG DAPAT IHANDA NG KOOPERATIBA O ASOSASYON

Liham ng hangarin at resolusyon mula sa samahan ng mga magsasaka na nagsasaad ng pangangailangan ng mga makinarya at pagsang-ayon sa paglalaan ng machinery shed para rito

Katunayan o katibayan ng akreditasyon mula sa kagawaran ng PAgsasaka

Impormasyon patungkol sa samahan ng magsasaka
- Listahan ng mga miyembro na may kaakibat na sakop ng lupang sinasaka ng bawat isa
- Listahan ng mga makinaryang natanggap na at iba pang impormasyon sa operasyon ng samahan

## PAANO ANG SISTEMA SA PAMAMAHAGI?

1. Itatakda

- kada taon intensyunal na bibigyan o paglalaanan ng mga makinaryang pambukid ang 1,200 hanggang 1,600 na kooperatiba o asosasyon
- Ang kooperatiba o asosasyon na may maayos na performance ay maaring mapili ulit upang mabigyan ng mga makinaryang kulang sa samahan
- Ang pagtakda ay base sa pangangailangan ng samahan (urgency at need-based)

2. Ipaprayoridad

- Mga probinsya at munisipalidad na ituturing na palayan o rice producing areas (nasa listahan ng Philippine Rice Industry Roadmap)
- Mga kooperatiba at asosayon ng mga magsasaka na may malaking kakulangan sa makinarya

## SINO ANG PANGUNAHING TAGAPAGPATUPAD NG PROGRAMA

Ang kagawaran ng Pagsasaka sa pangunguna ng Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PHilMech), kabalikat ang DA-RFOs at lokal na pamahalaan, ay ang naatasan sa pagpapatupad at pagpapamahagi ng mga makinaryang pansaka sa mga kwalipikadong asosasyon ng mga magsasaka, rehistradong jooperatiba at LGUs.

Kasama rin sa gampanin ng DA-PHilMech, katulong ang DA-RFOs, ATI, TESDA at LGUs, ang pagbabahagi ng mga seminar o pagsasanay sa mekanisasyon para sa mga mapipiling benepisyaryo.

## SAAN MAKIKITA ANG PINAKAMALAPIT NA OPISINA NG PHILMECH?

Main Office
CLSU Compound, Science City of Munoz, Nueva Ecija
Mobile No/; 0932 869 6837/ 0998 5937304/ 0917 800 4526
Fax No: (044) 456-0110

Manila Liaison Office
3rd Floor, ATI Building, Elliptical Road Diliman, Quezon City
Tel. No.: (02) 927-4019/4029
Fax No.: (02) 926-8159

Cagayan de Oro Liaison Office
BPI Compound, Macabalan, Cagayan de Oro City
Tel. No.: (0880 880-5824

Davao Liaison Office
3rd Floor, DA-RFOXI Building, Bangoy St., Davao City
Tel. No.: (082) 226-3652 local 1142

# May Tanong Tungkol sa
# Mechanization Program?

## Pag-usapan natin yan makipag ugnayan sa:

DA-PHilMech

rcefmechanization@gmail.com

www.philmech.gov.ph

Pagtanggi: Ang brand na mga makinaryang nasa larawan ay nagkataon lamang at hindi nagangahulugang pag-iindorso.